SAGISAG NG BAYAN NG SANTA CRUZ
LAGUNA

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-30 NG MARSO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Mario M. Mangahas................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............... | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 059-T'98

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PAMAHALAANG BAYAN NG MAGDALENA, LAGUNA NA MAKAPAGTAPON NG BASURA ANG BAYAN N[redacted]TA CRUZ, LALAWIGAN DING ITO, SA ITINAKDANG DUMPSITE NG NABANGGIT NA BAYAN, MAGING ITO AY PANSAMANTALA.**

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz ay may kinakaharap na suliranin tungkol sa pagtatapon ng basura;

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz ay walang lugar na pagtatapunan ng basura sa kasalukuyan sa kadahilanang ang mga mamamayan ng Barangay Oogong ay tumututol na sa pagtatapon ng basura sa kanilang lugar;

**SAPAGKA'T,** marami na sa mga naninirahan doon ang nagkakasakit sa dami ng basurang kumakalat sa kanilang lugar sa kadahilanang mahigit na 10 taon nang pinagtatapunan ito ng basura;

**SAPAGKA'T,** naniniwala ang Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz na iisa ang layunin ng bawa't bayan na magkaroon ng isang maayos na pamamahala sa basura sa Lalawigan ng Laguna;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas at pinangalawahan nina Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat, Miguel M. Asinas, Bernardo E. Ison, Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang hilingin sa Pamahalaang Bayan ng Magdalena, Laguna na makapagtapon ng basura ang baya ng Santa Cruz, Lalawigan ding ito, sa itinakdang dumpsite ng nabanggit na bayan, maging ito ay pansamantala.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan ng Magdalena, Kgg. Punong Bayan ng Santa Cruz, Pambayang Pinuno sa Pagpapaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Inhinyero, ng bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan